4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 1: Aralin 5 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025.Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University - Dasmarinas)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman bilang tanda ng pagiging mapanagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipakikita ang pagiging mapanagutan sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawaing pangangalaga at pagpaparami ng mga puno at halaman**<br>1. Naiisa-isa ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman<br>2. Naipaliliwanag na ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman ay dapat linangin sa bawat bata bilang bahagi ng kaniyang pagiging katiwala sa pagpapanatiling ligtas, malinis at maayos ang kapaligiran<br>3. Naisasakilos ang mga sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman |
| **C. Nilalaman** | Mga Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapanagutan (*Accountability*) |
| **E. Integrasyon** | Mga kanta tungkol sa sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Department of Education (n.d.). MATATAG curriculum good manners and right conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values education (VE) (Baitang 7-10) *Gabay Pangkurikulum*. Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

Lirikxxx. (2023). *Kanlungan Noel Cabangon (Lyrics).* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=fnGiPS5Nps8

Medriano, N.S. and Sagun, D.C. (n.d.). Lingguhang aralin sa GMRC 4 quarter 1: week 6 sy 2023-2024. Bureau of Learning Resources, Department of Education

Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>Ihambing ang larawan "A" sa larawan "B". Alin sa dalawang larawan ang mas nagustuhan mo at bakit?<br><br>**A.**<br><br>**B.**<br> | Maaaring mag-*tally* kung ilan ang pipili sa Larawan A at ilan sa Larawan B.<br><br>Iugnay ang Larawan A sa nakaraang Aralin tungkol sa mga aral ng kinabibilangang pananampalataya bilang tanda ng pananalig sa Diyos, sa Aralin ng buong linggo tungkol sa pangangalaga sa mga puno at halaman na pinapakita ng Larawan B. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>***Pass the Message Relay.*** Ibubulong ang mensahe sa kamag-aral at ipapasa ang mensaheng ito sa susunod hanggang sa huling mag-aaral ng pabulong. Pabilisang ihahayag ang mensahe ng huling kamag-aral sa pamamagitan ng pagsulat nito sa *bond paper* at ididikit sa pisara.<br><br>Unang Mensahe:<br>Biyaya ng Inang kalikasan<br><br>Ikalawang Mensahe:<br>Puno at halaman na makikita sa kapaligiran<br><br>Ikatlong Mensahe:<br>Mapanagutan sa pangangalaga sa mga puno at halaman | Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Pangkat 1 at Pangkat 2 ang unang maglalaro kasunod ay Pangkat 3 at Pangkat 4. Ang ikatlo at huling *round* ay sa pagitan ng mga nanalong pangkat sa mga nakaraang *rounds*.<br><br>Ipagpugay ang nanalo sa pamamagitan ng pagbibigay ng palakpakan.<br><br>Itabi sa gilid at huwag tanggalin ang *bond paper* sa pisara sa loob ng isang linggo, ipaliwanag at ipakilala ang mga ito bilang aralin para sa buong linggo. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN<br><br>
Isang Tanong Pinakamagandang Sagot. Magbigay ng isang halimbawa ng kilos na nagpapakita ng “mapanagutan”, na may kaugnayan sa mga sariling gawi sa pangangalaga ng mga puno at halaman.<br><br>
Sagot: ______________________________________________<br>
______________________________________________<br><br>
Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni____________________):<br>
______________________________________________<br>
______________________________________________
</td>
<td>Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. Isulat ang pinakamagandang sagot at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWANG ARAW<br>
KAUGNAY NA PAKSA 1: Biyayang binibigay ng Inang kalikasan<br><br>
PAGPROSESO NG PAG-UNAWA<br><br>
B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot). Basahin at unawain ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba.<br><br>
Mga Puno at Halaman: Biyaya ng Kalikasan<br><br>
Malinis, berde, at presko. Ganyan kaganda ang aming kapaligiran. Saan mang dako, may mga halaman at punong nagluluntian. Malinis na hangin at mababangong samyo ng mga bulaklak ay sadya namang nagpapabuti ng aming kalusugan. Lakad dito, lakad doon. Masayang-masayang naglalaro ang mga kabataan. Sa dako pa roon, may mga puno na hitik ang bunga. Si kuyang guard ang hinihintay upang manungkit at sa amin ibigay. Ganito kami araw-araw. Salamat kay Inang Kalikasan sa mga biyayang ibinigay.<br><br>
Gabay na Tanong:<br>
1. Ano ang paksa ng kuwento?<br>
______________________________________________<br>
______________________________________________
</td>
<td>
Tumawag ng dalawang mag-aaral sa bawat tanong upang magbahagi ng sagot.<br><br>
Inaasahang sagot:<br><br>
1. Ang puno at halaman ay biyaya ng kalikasan.<br><br>
2. Mga halamang may mababangong bulaklak at mga puno na hitik ang bunga.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano-ano ang mga halamang nabanggit sa kuwento?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>3. Bakit masayang-masaya ang mga kabataan? Ipaliwanag.<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>4. Ayon sa kuwento, anong mahahalagang bagay ang naibibigay ng mga puno at halaman?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>Isulat sa patlang ang **Wasto** kung ang pangungusap ay tama o **Di-wasto** kung ito ay hindi tama.<br>__________1. Ang mga puno at halaman ay biyaya ng kalikasan.<br>__________2. Ang malinis na hangin ay hatid ng mga puno at halaman.<br>__________3. Masayang-masaya ang mga bata sa kapaligiran dahil sa magandang tanawin handog ng mga puno at halaman.<br>__________4. Hindi presko ang paligid kung ang mga puno at halaman ay hindi hitik sa bunga.<br>__________5. Mainit na panahon ang dulot ng mga puno at halaman sa paligid.<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>**Pagsusuri ng kanta.** Basahin o kantahin ang awit at sagutin ang mga gabay na tanong.<br><br>Pamagat ng awit: KANLUNGAN<br>Awit ni: Noel Cabangon<br><br>Natatandaan mo pa ba<br>Nang tayong dal'wa ang unang nagkita | 3. Dahil nakakapaglaro ang Kabataan. Binibigyan sila ni kuyang *guard* ng mga bunga sa puno.<br><br>4. Ganda ng kapaligiran. (Malinis na hangin, berde o halaman at punong nagluluntian, at presko ng kapaligiran kaysayang lugar palaruan). Nagbibigay ng biyaya ang puno at halaman sa mga hitik nitong bunga.<br><br>**Mga tamang sagot:**<br>1. Wasto<br>2. Wasto<br>3. Wasto<br>4. Di-wasto<br>5. Di-wasto<br><br>Bumuo ng grupo na may apat na miyembro. Pumili ng lider na magbabahagi ng sagot ng grupo sa harap ng klase.<br><br>Nasa talasanggunian ang *link* ng kanta. |

| | | |
|---|---|---|
| | Panahon ng kamusmusan<br>Sa piling ng mga bulaklak at halaman<br>Doon tayong nagsimulang<br>Mangarap at tumula<br>Natatandaan mo pa ba<br>Inukit kong puso sa punong mangga<br>At ang inalay kong gumamela<br>Magkahawak-kamay sa dalampasigan<br>Malayang tulad ng mga ibon<br>Ang gunita ng ating kahapon<br>Ang mga puno't halaman<br>Ay kabiyak ng ating gunita<br>Sa paglipas ng panahon<br>Bakit kailangan ring lumisan<br>Pana-panahon ang pagkakataon<br>Maibabalik ba ang kahapon<br><br>Gabay na Tanong:<br>1. Ano-anong mga halaman o puno ang nabanggit sa kanta?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Paano nakatulong ang mga halamang nabanggit sa tema ng kanta?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 2: Puno at Halaman na Makikita sa Inyong Bakuran**<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>**Pagtatanim.** Kung bigyan ka ng pagkakataon na magtanim ng kahit ano at kahit ilang halaman o puno, kabilang ang gulay, sa palibot na lupa ng isang bahay kubo, ano-ano ang iyong itatanim. Puwedeng gawing basehan ang kantang "Bahay Kubo". Isulat isa-isa ang ito sa mga nakapalibot na mga kahon. | Inaasahang sagot:<br>1. Gumamela at Mangga<br><br>2. Nakatulong ang mga nabanggit na halaman at puno sa paggunita ng nakaraan<br><br>Inaasahang sagot (maaaring magbigay ng iba pa na hindi kasama dito):<br>1. Singkamas<br>2. Talong |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | 8. | 10. | 12. |
| 2. |  | | 13. |
| 3. | | | 14. |
| 4. | | | 15. |
| 5. | | | 16. |
| 6. | | | 17. |
| 7. | 9. | 11. | 18. |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**B.T.S. (Basa-Tanong-Sagot).** Basahin at unawain ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Gagamitin ang Rubriks na nakapaloob sa pagmamarka ng sagot.

**Tulungan ang mga Halaman**

May anunsyo sa radyo at TV na dadaan ang Bagyong Glenda sa Southern Luzon bandang hatinggabi o madaling-araw. Lumalakas ang hangin at pagsapit ng ala-una ng madaling-araw ay narinig na ang ingay na tila ilang bubong na ang nagliliparan.

3. Sigarilyas
4. Mani
5. Sitaw
6. Bataw
7. Patani
8. Kundol
9. Patola
10. Upo
11. Kalabasa
12. Labanos
13. Mustasa
14. Sibuyas
15. Kamatis
16. Bawang
17. Luya
18. Linga

Tumawag ng limang mag-aaral upang magbahagi. Tanungin kung bakit ito ang kanilang itatanim.
Lagumin ang talakayan sa pagsasabi: ang mga halaman, puno (at gulay) ay biyaya ng Inang Kalikasan na nag-uudyok sa tao na alagaan at panatilihin sa pamamagitan ng maayos na pagtatanim.

Paggising kinaumagahan ay nakita namin ang maraming punongkahoy na nabuwal. May mga nabali at naputulan ng mga sanga. May mga paso ng mga halaman na nabasag at mga *hanging plants* na nilipad. Ang daming kalat sa labas ng bahay at sa daan. Karamihan ay mga dahon at sanga ng mga nabuwal na puno. Pagkakain namin ng agahan, pumunta na kami sa aming bakuran at nagsimulang maglinis ng mga nabaling sanga at mga nakakalat na dahon. Itinayo namin ang mga nabuwal na mga halaman na maaari pang mabuhay. Inayos ang mga halaman sa paso at dinagdagan ng lupa. Buong araw kaming nag-ayos at naglinis. Alam namin na ang mga halaman at puno ay may buhay rin na maaaring sagipin kaya dapat na ayusin.
Simula noon, araw-araw na naming inaalagaan ang mga halaman na likha ng Diyos. Pahalagahan at mahalin upang ang dulot nitong kabutihan ay manatili sa atin.

Gabay na tanong:

1. Ano ang madalas na pinsala sa puno at halaman pagkatapos ng bagyo?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Paano inayos ang mga halamang nasira ng bagyo?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Rubriks sa pagmamarka:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw at tugma ang mga sagot |
| 90 | Malinaw at tugma ang mga sagot |
| 80 | Mayroong tugma ang mga sagot |
| 70 | Hindi malinaw at tugma ang mga sagot |
| 60 | Walang saysay at tugma ang mga sagot |

Inaasahang sagot:

1. Maraming punongkahoy na nabuwal. May mga nabali at naputulan ng mga sanga. May mga paso ng mga halaman na nabasag at mga *hanging plants* na nilipad. Ang daming kalat sa labas ng bahay at sa daan na karamihan ay mga dahon at sanga ng mga nabuwal na puno.

2. Nilinis ang mga nabaling sanga at mga nakakalat na dahon. Itinayo ang mga nabuwal na mga halaman na maaari pang mabuhay. Inayos ang mga halaman sa paso at dinagdagan ng lupa.

| | | |
|---|---|---|
| | **PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>**Pagmumuni-muni.** Balikan ang mga karanasan sa epekto ng bagyo sa puno at halaman sa ating bakuran, paaralan o ating komunidad at sagutin ang sumusunod na mga Gabay na Tanong:<br><br>1. Naranasan na rin ba ninyo ang ganitong pangyayari? Ano ang ginawa ninyo?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Bakit kailangan alagaan at pahalagahan ang mga halaman?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>3. Sa inyong murang edad na siyam o sampung taong gulang, ano ang puwede ninyong gawin sa paaralan, sa inyong bakuran, o sa komunidad upang maalagaan ang kalikasan? Ipaliwanag.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**PABAONG PAGKATUTO**<br><br>**Tama-Mali-Dahilan (T.M.D).** Sabihin ang “Tama” kung ikaw ay sumasang-ayon o “Mali” kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapakita ng pagkalinga at pagmamalasakit sa mga may-sakit, mga nakatatanda, mga taong may kapansanan, o mga taong may natatanging kondisyon. Isulat ang “Dahilan” kung bakit ito ang iyong sagot. | Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot. |

| Mga Kilos na Nagpapahalaga sa Sariling Buhay o Nagpapakita ng Paggalang sa Sarili | Lagyan ng "tsek" | | DAHILAN |
|---|---|---|---|
| | TAMA | MALI | |
| 1. Kapag nag-alaga ka ng puno at halaman, aalagaan ka rin bilang ganti ng mga puno at halaman. | | | |
| 2. Hindi na kailangang alagaan ang puno at halaman dahil hindi sila inaalagaan noong mga sinaunang panahon. | | | |
| 3. Kung susuriing maigi ay walang pansariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman | | | |
| 4. Ang mga kilos ng pagiging mapanagutan ay akmang ibinibigay lamang sa mga tao. | | | |

Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Ang salawikaing "kapag may itinanim, may aanihin" ay tumutukoy sa tatlong situwasyon ng buhay ng tao lamang: pag-iimpok; pagtitiyaga; paggawa ng mabuti. | | | ___________<br>___________<br>___________<br>___________<br>___________<br>___________<br>___________<br>___________<br>___________<br>___________<br>___________ |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang sumusunod.

Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang natutuhan mo sa Araling ito?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br>**Pagsusuri.** Pag-aralan at isulat ang sagot sa tanong sa patlang. Gagamitin ang Rubriks na nakapaloob sa pagmamarka ng sagot.<br>Unang Situwasyon: Isang gabi, malakas ang hangin na parang may darating na bagyo. Sabi ng tatay mo ay may *Low Pressure Area (LPA)* raw na baka maging bagyo. Hindi nagtagal, lumakas nga ang hangin na may kasamang ulan. Tila sumasayaw ang mga punongkahoy at halaman. Kinaumagahan, nakita mo sa inyong bakuran na maraming mga halaman ang nabuwal. Ano ang gagawin mo? Bakit?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>Ikalawang Situwasyon: Isang Sabado, binisita ninyo ang inyong lolo at lola sa probinsiya. Sa bukid may tanim silang mga gulay tulad ng talong, kamatis at ampalaya. Isinama ka ng lolo mo sa bukid. Nakita mong ang dami nang damo sa paligid ng mga tanim niyang gulay. Ano kaya ang dapat ninyong gawing maglolo? Bakit?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>Rubriks sa pagmamarka:<br><table><tr><th>Marka</th><th>Basehan ng Pagmamarka</th></tr><tr><td>100</td><td>Napakalinaw at tugma ang mga sagot</td></tr><tr><td>90</td><td>Malinaw at tugma ang mga sagot</td></tr><tr><td>80</td><td>Mayroong tugma ang mga sagot</td></tr><tr><td>70</td><td>Hindi malinaw at tugma ang mga sagot</td></tr><tr><td>60</td><td>Walang saysay at tugma ang mga sagot</td></tr></table><br>**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**<br>***J.S.From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng kagandahang asal na nagawa sa buong linggo. | Ang pagtala ay may kaugnayan sa pagpapatuloy ng aralin sa susunod na linggo tungkol sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td rowspan="2">Sa Araw na Ito ay may Inalagaan Akong Puno / Halaman:</td><td colspan="5">Lagyan ng isang tsek (√) ang akmang sagot</td></tr>
<tr><td>Fri</td><td>Mon</td><td>Tues</td><td>Wed</td><td>Thurs</td></tr>
<tr><td>Oo</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Hindi</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Wala kaming Puno / Halaman</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Magsisimula ang tala sa Biyernes kung kailan natapos ang isa sa dalawang linggong aralin.  Walang takdang aralin sa Sabado at Linggo at itutuloy ito sa Lunes hanggang Huwebes lamang para sa susunod na bagong takdang aralin tuwing Biyernes.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Gabay sa Pagninilay:
<ul>
<li><u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</li>
<li><u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</li>
<li><u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</li>
</ul>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>